

*MGA KUWENTONG BAYAN SA
GABING MAULAN:
SALIN NG TALES FOR A RAINY
NIGHT NI CRISTINA PANTOJA
HIDALGO*

ni Chuckberry J. Pascual



Si Chuckberry J. Pascual ay nagtapos sa University of the Philippines-Diliman. Awtor siya ng nobelang Mars, May Zombie!, at apat na koleksiyon ng maikling kuwento, kabilang ang Bayan ng mga Bangkay at Ang Nawawala na nagwagi bilang Best Book of Short Fiction in Filipino sa National Book Awards. Siya ang nagsalin sa Filipino ng mga kuwento ni Cristina Pantoja Hidalgo (Kundiman ng Panahong Naiwan, Sa Bayan ng Nagngangalit na Buwan, Catch a Falling Star, Mga Kuwentong Bayan para sa Gabing Maulan) at Ilustrado ni Miguel Syjuco. Nagtuturo siya ng panitikan at malikhaing pagsulat sa UST Faculty of Arts and Letters at UST Graduate School, at nagsisilbing faculty researcher sa UST Research Center for Culture, Arts, and Humanities (RCCA).

Pangalawang koleksiyon na ng mga kuwento ni Cristina Pantoja Hidalgo ang *Tales for a Rainy Night* pero maituturing din ito bilang bagong simula. Ang kanyang unang koleksiyon na *Ballad of a Lost Season* ay produkto

ng panahon ng Batas Militar—binubuo ito ng mga realistang kuwento na may mga protagonistang babae na nakikipagbuno sa mga romantikong ugnayan na nakatuntong sa sala-salabid na isyung panlipunan. Ibang-iba ang moda ng *Tales for a Rainy Night*. Mula sa mga kuwentong realista, naging romantiko ang moda ng mga kuwento sa koleksiyon, at tinagurian itong “tales” ni Hidalgo. Sa kanyang paunang salita, inilarawan ni Hidalgo ang kanyang proyekto sa pagsulat ng mga bagong “tales” o kuwentong bayan. Basahin ang sipi:

Kaya mula sa pagsulat ng news copy at feature articles, realistikong katha, mga sanaysay tungkol sa paglalakbay at mga naratibong awtobayograpikal, naghahabi na ako ngayon ng mga kuwentong bayan. Sapagkat ang mundo ng kuwentong bayan ay lupain ng mga alamat at pangarap, kahit pa nagsasalita sa kasalukuyan ang mga tauhan rito. At kung minsan, para sa akin, tanging salamangka at gayuma lamang ang nakakahuli sa kataka-takang katangian ng “tunay na buhay.” (“Tales,” trans. Pascual, 5)

Malay si Hidalgo sa biglang kabig ng kanyang piniling moda sa pagkukuwento, at para sa kanya, may kakayahan itong ilarawan ang “tunay na buhay” tulad ng, kung hindi man higit pa, kaysa realismo. Kung tutuusin ay matapang ang pahayag na ito, dahil may pagbalikwas sa mahabang tradisyon ng realismo sa maikling kuwento sa Ingles. Kailangan lamang tingnan ang mga antolohiya ni Leopoldo Yabes (*Philippine Short Stories, 1925-1940* at *Philippine Short Stories, 1941-1955*) para makita ang dominasyon at tradisyon ng realismo bilang moda ng pagkukuwento sa Ingles. Ipagpapatuloy pa ito sa unang apat na volume na antolohiya ni Gemino Abad, ang *Upon Our Own Ground* at *Underground Spirit*. Iilan lamang ang mga kuwentong di-realista sa mga antolohiyang ito, tulad ng “The Traveling Salesman and the Split Woman” ni Nick Joaquin para sa unang volume (1973-1982) at “The

Walk” ni Joy Dayrit sa ikalawang volume (1983-1989). Maaasahan naman talaga kay Joaquin ang di-realistang pagsulat dahil kanyang imbensiyon ang “tropical gothic,” at si Dayrit naman ang isa sa mga unang kuwentista sa Ingles na nagsulat ng mga kuwentong di-realista at eksperimental. Isa sa mga maagang kuwentong di-realista na lumitaw sa mga antolohiya ay ang “The Dust Monster” ni Gilda Cordero Fernando na nag-iisa sa *Upon Our Own Ground Volume 1 (1956-1964)*. Sa katunayan, sinuri ni Hidalgo ang “The Walk” at “The Dust Monster” bilang mga akdang nasa pagitan ng realistikong kuwento at “fairy tale.” (“A Gentle Subversion,” 14-31)

Sa kanyang sanaysay na “Literary Influences and the Like,” sinabi ni Hidalgo na kabilang sina Joaquin at Cordero-Fernando sa kanyang mga impluwensiya sa pagsulat ng *Tales for a Rainy Night*. Basahin ang sipi:

By then, I had discovered A.S. Byatt, Doris Lessing, and other modern spinners of tales. I had also begun to read the writers of the great “Latin American Boom,” and was blown away by their “marvelous realism” and the other strategies they had devised to capture life as lived in their part of the world. It seemed to me even then—the mid-seventies—that our world was much closer to theirs than America or Europe. But I didn’t want to sound like them. My temperament was too different. I was drawn again to the tales of Gilda Cordero Fernando, many of whose stories, I now realized, were not realist stories, but tales. And I was drawn to Nick Joaquin, my true master, who was, I think, the first major Filipino writer in English to write non-realist fiction. (Hidalgo, “The Thing with Feathers” 278)

Noong 1993 inilimbag ang *Tales for a Rainy Night*, at ang pinakapopular na kuwentong mula rito, ang “The Painting,” ay kabilang sa unang volume ng *Hoard of Thunder (1990 to 2000)*, ang ikatlong antolohiya

ni Abad ng mga kuwento sa Ingles. Mas marami na rin ang di-realistang akda sa dalawang volume ng *Hoard of Thunder*, kabilang ang mga akda ng mga itinuturing na tagapanguna ng speculative fiction na sina Dean Francis Alfar at Nikki Alfar.

Binanggit ko ang mga ito para ilugar ang eksperimentasyon ni Hidalgo sa *Tales for a Rainy Night* bilang intermediaryong teksto sa ebentwal na popularidad ng speculative fiction. Walang katulad na proyekto ang *Tales for a Rainy Night* noong taong lumabas ito—maliban nga siguro sa ilang mga kuwentong inilabas nina Joaquin, Cordero-Fernando, at Dayrit—at ginawaran ito ng National Book Award noong 1994. Sinundan pa ito ni Hidalgo ng isa pang koleksiyon ng mga modernong kuwentong bayan, ang *Where Only the Moon Rages*, na lumabas noon ding 1994. Aktibo nang manunulat si Hidalgo noon pang dekada '70, pero mas binabasa siya dahil sa kanyang mga sanaysay na tungkol sa paglalakbay at sa kanyang pamamahayag. At bagaman inilabas na niya ang *Ballad of a Lost Season* noong 1987, hindi na niya binalikan ang moda at estilong ito. Ang *Tales for a Rainy Night* at *Where Only the Moon Rages* ang nagsemento ng kanyang reputasyon bilang isang kuwentista na may natatanging estilo at anyo ng pagsulat: ang modernong kuwentong bayan. At dahil nakaposisyon na si Hidalgo bilang establisadong manunulat at may impluwensiya sa paghubog ng panitikan—nagtuturo siya sa UP Department of English and Comparative Literature, at bilang isa sa mga Fellows ng UP Creative Writing Center (UP Institute of Creative Writing na ngayon) ay nagsisilbing mentor sa mga kabataang manunulat na sumasali sa UP National Writers' Workshop—ang kanyang mga akda ay maaaring isiping nakatulong sa pagkakaroon ng mas malaking espasyo ng di-realistang panulat sa panitikan sa Ingles.

SANGGUNIAN

Abad, Gemino. Editor. *Upon Our Own Ground: Filipino Short Stories in English 1956 to 1964*. QC: UP Press, 2008.

_____. *Upon Our Own Ground: Filipino Short Stories in English 1965 to 1972*. QC: UP Press, 2008.

_____. *Underground Spirit: Philippine Short Stories in English, 1973 to 1982*. QC: UP Press, 2010.

_____. *Underground Spirit: Philippine Short Stories in English, 1983 to 1989*. QC: UP Press, 2010.

_____. *Hoard of Thunder: Philippine Short Stories in English, 1990 to 2000*. QC: UP Press, 2012.

_____. *Hoard of Thunder: Philippine Short Stories in English, 2001 to 2008*. QC: UP Press, 2012.

Hidalgo, Cristina Pantoja. *The Thing With Feathers: My Book of Memories*. Manila: UST Publishing House, 2017. Print.

_____. *Where Only the Moon Rages*. Manila: Anvil, 1994. Print.

_____. *Tales for a Rainy Night*. Manila: DLSU Press, 1993. Print.

_____. *Ballad of a Lost Season and other stories*. Quezon City: New Day, 1987. Print.

Yabes, Leopoldo. *Philippine Short Stories, 1925 to 1940*. QC: UP Press, 2009.

_____. *Philippine Short Stories, 1941 to 1955*. QC: UP Press, 2009.

ANG REGALO

NI CRISTINA PANTOJA HIDALGO

Salin ni Chuckberry J. Pascual

Maligalig ang panahong iyon. Isang malupit at tiwaling diktador ang naghahari sa naghihirap na bayan, at ang kanyang pag-iral ay sumasalanta sa lahat. Tila berdeng putik na umaagas mula sa kanyang palasyo ang kasamaan, para sirain ang pinakamalalayong burol, ang pinakatagong lambak. Sapagkat hindi kinikilala at pinahahalagahan, parang mga halamang nalalanta dahil walang init at malinis na hangin ang mabubuting kaisipan at gawain.

Ilang mabubuting tao na lamang ang naiwan sa bayan, nagtatangka silang mabuhay nang payak at tahimik. Ang kapayakan mismo ang kanilang pagtutol laban sa walang habas na karangyaan ng pamumuhay na gusto ng diktador, sa kanyang maluhong asawa, at sa kanyang hindi na mabilang na mga kalaguyo.

Isa sa mabubuting tao si Manuel.

§

Nang mag-umpisang umulan, naramdaman ni Manuel ang unti-unting pagngiti ng kanyang mga labi. Ambon lang iyon, pero sinalubong niya ito tulad ng lagi niyang pagsalubong sa unang ulan ng Mayo. Sinalubong niya ito nang magaan ang puso.

Mas gusto sana niyang magtagal pa nang kaunti, tipong magkape o mag-beer sa isa sa maliliit na puwestong nakapila sa kalsada. Sa halip,

binilisan niyang maglakad. Naghihintay na si Paz. Dumarami na ang tao sa bahay. Ayaw niyang mahuli ulit sa sarili niyang birthday party.

Hindi na maalala ni Manuel kung kailan nila sinimulang ipagdiwang ni Paz ang kaarawan niya. Sa loob ng matagal na panahon, maliban sa kanyang sariling ina, walang nakakaalala ng kaarawan ni Manuel. Pero isang araw, pumunta na lang ang mga kaibigan niya nang walang pasabi, nagdala sila ng pagkain, isang case ng beer, isang bote ng scotch. At nang makarating ito sa iba, mas marami pang kaibigan ang inugaling dumalaw. Kaya ngayon, inaasahan na ni Paz na maraming pupunta, at inihahanda na agad ang bahay.

Laging nagugulat si Manuel kung gaano karaming taong kaibigan ang turing sa kanya.

Ni hindi nga niya maalala kung saan niya nakilala ang ilan sa mga ito. Pero natutuwa siyang gusto siya ng mga ito, sapat para makipagdiwang sila sa kanyang kaarawan.

Gayunman, mukhang puno ang lahat ng bus ngayong gabi. Kung gusto niyang makauwi, kailangan niyang sumakay ng taxi.

At noong sandaling iyon, may dumaang taxi sa kanto. Pinara ito ni Manuel, at habang inaabot niya ang bukasang pinto, may kung anong sumalpok sa kanya mula sa likod.

Ang una niyang naisip, baka may tumulak sa kanya para unahan siyang makasakay sa taxi. Pero nang lumingon siya, nakita niya na may lalaking tumama sa kanya, at ngayon ay namimilipit na sa lupa.

Nakalimutan na ni Manuel ang taxi. Agad siyang dumukwang para tulungan ang estranghero. Tila nahihilo pa ang lalaki, pero dahil inaalalayan ni Manuel, nakatayo itong muli. Nanginginig-nginig pa ang lalaki nang sumandal sa posteng may ilaw. Ilang sandali itong nanatili roon, panay ang bulong ng paumanhin at pasasalamat.

“Ayos lang kayo?” tanong ni Manuel. “Baka inaatake na ho kayo sa puso.”

Ngumiti ang lalaki kahit nanghihina. “Hindi naman ganyan katindi. Gutom lang yata ako.”

“May coffee shop diyen,” sabi ni Manuel. Itinuro niya ang isa sa mga bintanang may ilaw na matatanaw mula sa kalsada. “Halika ho, tulungan ko kayo.”

Nag-angat ng kamay ang lalaki. “Huwag na, salamat na lang. Okay lang ako. Mauna ka na, anak.”

Natigilan si Manuel sa salitang iyon, o marahil sa tono ng pagkakasabi ng salitang iyon, dahil bigla niyang naalala ang boses at mga mata ng kanyang ama, at kasabay nito, ang pagbabalik ng pakiramdam ng kahungkagan.

“Sige na ho,” sabi niya sa estranghero, “plano ko rin sanang mag-beer. Samahan niyo ho ako.”

Bantulot na pumayag ang lalaking sumama sa coffee shop at umupo sa isa sa mga mesa. Gayunman, nang dumating ang waitress para kunin ang kanilang mga order, isang tasa ng kape lang ang hiningi nito.

“Hindi ba dapat kang kumain?” tanong ni Manuel. At nang mahulaan niyang walang pambayad ang lalaki, idinagdag niya, “Payagan mo na akong ibili ka ng mami at siomai. Alam mo, birthday ko kasi ngayon.”

Mukhang nagdududa ang lalaki. “Birthday mo?”

“Oho. Ang totoo nga ho niyan, may mga inaasahan kaming bisita.”

“E di lalong hindi kita dapat abalihin.”

Nagkibit-balikat si Manuel. “Matatagal ko na hong kaibigan ang mga iyon, saka inaabot naman kami kadalasan ng magdamag.”

“Kung ganyan pala,” sabi ng estranghero, “sige, payag ako.”

Nang ihain sa mesa ang mami at siomai, mabagal at sistematikong kumain ang lalaki. Habang umiinom ng beer sa bote, napansin ni Manuel na bagaman luma at manipis na ang mga damit ng lalaki, napakalinis naman nito; at parang sa isang taong may pinag-aralan ang pananalita at kilos nito.

Ang hula ni Manuel, sisenta na ang edad ng lalaki. Marahil nawalan rin ito ng trabaho kamakailan lang, tulad ng marami. Hindi madaling makahanap ng bagong trabaho, lalo na sa edad nito. Nagretiro ang sarili niyang ama noong sumapit ito ng sisenta.

“May naisip ako,” sabi niya. “Bakit hindi ho kayo sumama sa akin? Mag-ilang bote ho tayo, kasama ng mga kaibigan ko.”

Bago sumagot, nilunok muna ng estranghero ang nginunguya, uminom ng maraming tubig, at saka maingat na pinunasan ng napkin ang bibig. Saka sinabi, “Salamat, anak, pero sapat na itong ginawa mo para sa akin ngayong gabi.”

“Wala naman hong problema, alam niyo. Inaasahan kasi ni Paz— asawa ko—na maraming darating.”

“Alam ko, Manuel. Salamat ulit.”

Magtatanong pa sana si Manuel, pero napagtanto niyang tinawag siya sa pangalan ng estranghero. Hindi niya maalalang binanggit ito sa kausap.

Bago pa siya makapagkomento, nagtanong ang lalaki, “Paano mo balak umuwi ngayong ginamit mo na ang pang-taxi mo sa hapunan ko?”

Tinitigan ni Manuel ang lalaki. Paano nito nalaman?

Nakangiti sa kanya ang estranghero. “Huwag kang matakot, Manuel,” sabi nito. “Kilala kita at alam ko ang lahat tungkol sa iyo. Sa katunayan, isinugo ako para bigyan ka ng regalo.”

“Isinugo?” ulit ni Manuel. “Nino ho?”

“Hindi na importante. Ang mahalaga, kailangan mo munang ipasa ang unang pagsubok.”

“Ano hong pagsubok?”

“Well, kahit anong pagsubok man ang naisipan ko. At masaya akong ibalita sa iyo na pumasa ka. Sa katunayan, nakakatuwa ka. Kaya ngayon, kailangan ko nang ibigay sa iyo ang regalo mo. Sabihin mo sa akin, ano ang gusto mo?”

Nakatitig pa rin sa kausap si Manuel, litong-lito. Hindi kaya nababaliw na ang lalaking ito? Pinaglalaruan kaya siya ng kung sinong kaibigan?

“Hindi, hindi ito biro,” sabi ng estranghero, tila nabasa ang isip ni Manuel. “Hindi rin ako baliw. Simple lang, katulad ng sinabi ko: nandito ako para bigyan ka ng regalo. At puwede mong sabihin kung ano iyon. Ano ba ang pinakagusto mo sa buong mundo?”

“Sinasabi niyo ho ba, para kayong...genie?” tanong ni Manuel. Napapaisip na rin siya kung kahangalan ba ang sinasabi niya, tulad ng kanyang nararamdaman.

Tila naaalih ang lalaki. “Halo-halo na ang mga kultura mo,” sabi nito. “Sa ibang bahagi ng mundo matatagpuan ang mga genii.”

“Well, mukhang hindi naman ho kayo nakatira sa punso o sa puno,” sagot ni Manuel.

“Alam ko. At anu’t anuman, alam kong mahirap paniwalaan ang alinman sa mga iyan sa panahong ito. Pero walang kinalaman ang lahat ng ito at inaasahan ka sa isang birthday party. Sa katunayan, papunta ka na nga doon noong...ah, nakasalubong kita, kaya hindi ka nakasakay ng taxi. Hindi ka naman dapat magbi-beer.”

“Hindi ko maintindihan—”

“Hindi, pero ayos lang. Ganito na lang, Manuel. Hindi mo kailangang maintindihan. At hindi mo rin ako kailangang paniwalaan. Kung peke ako o manloloko o baliw, wala kang makukuha. Pero kung totoo ang sinasabi ko, makukuha mo ang inaasam-asam ng puso mo. O, ano ang mawawala sa iyo?”

Nakangiti muli ang estranghero, at parang nahahawa na si Manuel. “Pero... bakit ho ako?” tanong niya.

“Ang tingin ko, kaya mong tanggapin na may nagpasyang karapat-dapat ka.”

“Sino naman ho ang nagpasya?”

“Mahalaga pa ba ‘yon? Hindi pa ba sapat na binigyan ka ng ganitong pagkakataon? Sa panaginip lang ito nararanasan ng ibang tao!”

May punto ang estranghero, isip ni Manuel. Ano nga ba ang mawawala sa kanya kung sasakay siya? “Puwede ko ho bang pag-isipan?” tanong niya.

“Siyempre naman, basta ibili mo ako ng isang tasa ng kape. Gusto ko rin talaga, e.”

Pagkatapos um-order ni Manuel ng kape at isa pang beer para sa sarili, nagtanong ang estranghero, “Hindi ba dapat hinintay mo munang makauwi bago iyang pangalawang bote mo?”

“Para na ho kayong tatay ko ha,” sabi ni Manuel.

“Wala namang masamang makipag-inuman sa mga kaibigan,” mahinahong sabi ng estranghero. “Gayunman, hindi ka dapat napapasobra.”

“Iyan na iyan ho mismo ang sinasabi ng tatay ko dati,” may paghihinalang sabi ni Manuel. “Kilala niyo kaya siya?”

“Oo naman,” sagot ng lalaki. “Kilalang-kilala ko.”

Sinalakay si Manuel ng pakiramdam na hindi totoo ang mga nangyayari. Nagpalinga-linga siya sa kuwarto—sa plastik at berdeng ceiling

fans, sa imitasyong Amorsolo na nasa isang dingding, sa mga mesang formica, sa lumang cash register, sa kabataang magkasintahang magkahawak-kamay sa isang sulok—gusto niyang masigurong walang nagbago, na naroon nga siya sa lugar na inaakala niyang naroon siya.

“Ayos lang iyan,” sabi ng estranghero, kinakalma siya. “Hindi ka nananaginip, Manuel. Nakapagpasya ka na ba kung ano ang regalo mo?”

“Kailangan ho bang materyal? Ibig kong sabihin, parang bagay?”

“Hindi. Puwede ang kahit na anong gusto mo.”

Habang tahimik na hinahalo ng estranghero ang kanyang kape, hindi mapakali sa kaiisip si Manuel. Ang inaasam-asam ng kanyang puso... ah, madali lang! Pero hindi naman puwedeng iyon ang hilinging regalo.

Nang mapansin ang matamang panonood sa kanya ng estranghero, at maalalang tila nababasa nito ang kanyang isip, agad pinatahimik ni Manuel ang sarili.

Sinabi niya nang malakas, “Hindi naman ho yata ako desperado para sa kahit na anong bagay.”

“Sino naman ang may sabi tungkol sa pagiging desperado? Siguro naman, hindi perpekto ang buhay mo?”

“Siyempre, hindi,” pag-amin ni Manuel. Sumagi sa alaala niya ang mga pagkatalo, pagkasiphayo, pagkakamali, pagtangi.

Pero hindi na masama ang sitwasyon ngayon. Nariyan ang kanyang trabaho—hindi ito mapanghamon o kasiya-siya, pero pinapakain siya nito. Nariyan din ang kanyang bahay—hindi ito palasyo, pero pinananatiling ligtas at komportable ang pamilya niya. Nariyan din si Paz, ang kanyang asawa—hindi ito ang diyosa ng kanyang mga panaginip, pero hindi rin naman mukhang adonis si Manuel. Nariyan ang kanyang ina—laging nakaantabay kung kailan niya kailanganin, ang pinakamalakas, pinakamatatag na puwersa

sa kanyang buhay. Nariyan ang kanyang mga kaibigan—higit kaysa kaya niyang bilangin. Hindi naging madali ang buhay niya, pero sa panahong ito, kaninong buhay ba ang madali? Sa pangkalahatan, hindi naman masama. Malusog siya at malakas, at sa edad na tatlumpu, pihadong mas mapalad kaysa ibang tao.

Sinabi nang malakas ni Manuel, “Siguro wala talaga akong puwedeng ireklamo.”

“Masasabi mo bang masaya kang tao?”

“Kuntento ho ako.”

Patuloy siyang pinagmasdan ng estranghero. “Gusto mo bang pakawalan ang pagkakataong ito?”

“Well...” pag-aatubili ng nalilitong si Manuel. “Puwede ho bang sa susunod na lang?”

Ilang sandaling nag-isip ang estranghero. Pagkuwa’y sumagot ito nang mabilis, “Sige, puwede naman ‘yan, sa tingin ko. O, siya. Kung darating ang pagkakataon sa buhay mo na gusto mong matupad ang inaasam-asam mong hiling, tawagin mo lang ako. Pero tandaan mo ha, isang hiling lang ang puwedeng ibigay sa iyo.”

Tumayo ang estranghero habang nagsasalita, at tumayo na rin si Manuel. Pormal silang nagkamay.

“Pero, paano ko ho kayo... ‘tawagin?”

“Basta tumawag ka lang,” sabi ng estranghero. “Maririnig kita.”

§

Hindi sinabi ni Manuel sa kanyang asawa o sa kanyang mga kaibigan ang tungkol sa estrangherong nakilala niya habang umuulan. Walang siyang

sinabihan kahit na sino, dahil hindi rin siya nakakasiguro na hindi lang guniguni ang lahat. At nang maglaon, unti-unting kumupas ang alaala niya sa nangyari.

Pero paminsan-minsan, lalo na kapag nalalapit ang kanyang kaarawan na laging sumasabay sa unang ulan ng Mayo, naaalala niya ang nangyari at nagtataka siya...

Nagtataka siya kung bakit wala siyang hiniling na kahit ano sa estranghero. At nagtataka siya kung ano ang nangyari kung sakaling humiling nga siya. Dahil siyempre, meron naman talaga siyang gusto, matagal nang gusto, at laging inaasam... ang inaasam-asam ng kanyang puso...

Ngunit paano nga ba niya sasabihin sa estranghero ang tungkol kay Cynthia?

Sa ibang buhay niya kabilang si Cynthia. Nakilala niya si Cynthia noong labingwalong taong gulang siya, at isang mag-aaral sa unibersidad.

Ah, hindi niya inasahan ang unibersidad, napakalayo nito sa kinalakhan niyang lugar na masikip at marumi. Amoy sariwang dahon at sikat ng araw ng paligid, hindi pinuputol ang mga puno, namumukadkad ang napakaraming bulaklak, patag at malinis ang daan, magkakalayo ang mga gusali at bahay, may tiwala ang mga tao sa isa't isa sa halip na may galit.

Sa kakatwang paraan, kahawig ito ng munting nayon kung saan siya ipinanganak, ang munting nayon na patuloy na buhay sa kanyang isip, isang alaala ng mga magsasakang nasa luntiang bukid na tila karagatang kumakaway, isang tulay na yari sa kawayan na tila isang babasaging panaginip sa ibabaw ng isang rumaragasang ilog na malalim; ang amoy ng mga nahihinog na bayabas at mga mangga at usok ng kahoy.

Kahit wala siyang klase, naglalagi si Manuel sa lilim ng mga acacia at kabalyero, pinupuno ang mga pahina ng kanyang lumang sketchbook ng pen and ink na drowing, habang walang tigil sa paninigarilyo. Minsan,

nalilimot niya ang oras sa pagbabasa ng mga inaalikabok na libro sa aklatan, manghang-manghang napakarami palang mga salitang naisulat na, at wala man lang siyang kamalay-malay sa mga ito. O kung minsan, umuupo siya sa isa sa mga bangko sa maliit na kapilyang may puting simboryo, nakatunghay sa Kristong Nabuhay na inukit sa itim na kahoy. O kung minsan, matagal siyang naglalakad sa mga landas na hinihipan ng hangin, habang nakikinig sa tunog ng mga kampana ng carillon, at ninanamnam ang pangarap na maaari siyang mabuhay nang ganito lamang, kung kanyang nanaisin.

At nakilala nga niya si Cynthia.

Labimpitong taong gulang si Cynthia, at tulad ni Manuel, isang mag-aaral sa unibersidad, isang prinsesa ng mga diwata sa kahariang engkantado. At bagaman pareho sila ng mga pasilyong nilalakaran, mga silid-aralang pinaglalagian, kuntento na si Manuel na panoorin at sambahin mula sa malayo si Cynthia. Ngunit may isang bituin na nahulog sa kung saan, may isang mapaglarong diwang ngumiti, at umibig sa kanya ang prinsesa.

Kaya sa loob ng ilang panahon, nagsalo sila sa lilim ng mga acacia at kabalyero, sa mga landas na hinihipan ng hangin at mga kampana ng carillon, sa aklatan at sa kapilya. Dinala ni Cynthia sa buhay ni Manuel ang lahat ng pino at marikit—ang hamog sa umaga at patak ng ulan, mga liryo at kinang ng bituin, ang lugod ng musika, ang mahika ng tula, ang natatanging biyaya ng pagtawa. Ipinakita niya kay Cynthia ang kanyang mga guhit, at sa pamamagitan ng mga mata ng babae, nakita niya ang pangako ng mga ito. Ikinuwento niya kay Cynthia ang kanyang mga pangarap, at sa pamamagitan ng mga tainga ng babae, narinig niyang malapit lang pala ang mga ito.

Kaibig-ibig ang panahong iyon, at mas sumidhi ang pagiging kaibig-ibig dahil lihim, at dahil nakatakdang magwakas. Kahit hindi nila ito pinag-uusapan, kapwa nila batid na hindi magtatagal ang lahat.

Hindi nagtagal, nawalan ng bisa ang gayumang sumasagka sa kalungkutan ng prinsesa. At unti-unting napalayo si Cynthia kay Manuel.

Mag-isang nagdusa si Manuel. Umikot ang paningin niya, dahil sa matinding sakit na naramdaman at dahil sa beer na iniinom niya para lunurin ang lungkot. Sa loob ng matagal na panahon, ang sakit na iyon ang kanyang buhay, binura nito ang lahat ng bagay—ang mga librong patuloy niyang binabasa, ang mga papel na patuloy niyang isinusulat, ang mga bibig, braso, hita, na ginamit niya sa pagtatangkang burahin ang alaala ni Cynthia.

Hanggang sa kusang natuyo ang sugat. At ang naiwan na lamang ay kawalan, at lampas rito, kirot.

Tatlong taon na ang nakalipas noon, at umalis na siya sa unibersidad. Natuklasan na niyang kaya pala siyang buhayin ng kanyang pagguhit, at nakakuha siya ng trabaho bilang ilustrador sa isang maliit na magazine. Hindi malaki ang bayad, pero binibigyan siya nito ng kaunting oras para sa sarili, kung kailan gumuguhit siya ng mababagsik, mapapanglaw na mukha, at madidilim, malulungkot na tanawin.

Makalipas ang maraming taon, kapag binabalikan ni Manuel ang panahong iyon, namamanghang nakatawid siya nang buo, naunawaan niya na ang lahat ng iyon ay dahil kay Cynthia. Dumadalaw sa kanya si Cynthia sa mga kakatwang sandali, mabilis at panandaliang ibinabalik ang buhay niyang mistulang isang tula noong kanyang ikalabingwalong taon, at binibiyayaan siya ng tahimik na pakikipagkaibigan, kasama ng lahat ng iba pang biyaya mula sa babae.

Si Cynthia ang lubid na kanyang kinakapitan para mabuhay, para makahigop ng hangin, para makalaya sa itim na uli-uli. Tila ba isang manipis na sinulid, binanat ng panahon ngunit hindi pa rin napuputol, ang nagratali sa kanya kay Cynthia. At sa mga sandaling labis ang pangangailangan niya, nararamdaman ito ni Cynthia, at dumadalaw ito.

At nagpatuloy ito sa loob ng maraming taon. Kahit pa tumanda na sila at nagkalayo na, at kahit napadpad sa mga landas na hindi nagsasalubong, tulad ng mga kalsada sa lungsod.

Noong malapit nang ipanganak ang pangalawang anak na lalaki ni Manuel, wala siyang trabaho, walang pera, at tuluyang tinapakan ng pagkatalo. Habang tumatawid ng kalsada, bahagyang umaasang may isa sa mga humahaginit na sasakyan ang mawalan ng kontrol, sumadsad, sumalpok, at dumurog sa kanya sa pinakamalapit na pader, nag-angat si Manuel ng tingin at nakita niya... si Cynthia, palabas ng isang tindahan, nakahawi palayo sa mukha ang buhok, may kipkip na piano music. "Para sa anak kong babae," sabi nito, saka ipinakita sa kanya ang *Nasaan ka Irog* ni Abelardo. "At kumusta ka na, Manuel?" tanong ni Cynthia, nakangiti tulad ng dati. "Ano ang pinipinta mo ngayon?"

Noong namatay ang kanyang ama, ninakaw na rin ang kabataan ni Manuel, ang panahon ng pagpapala at pangakong dalisay. Naglakad siya nang naglakad, hanggang muling natagpuan ang sarili sa ilalim ng mga punong acacia, at tumutunog ang mga kampana ng carillon, at hinihipan ng hangin ang mga tuyong dahon sa landas na bato. At bago pa niya nabuo ang iniisip na hiling, naroon si Cynthia, mukhang labimpitong taong gulang, nakasuot ng maong, may leather bag na naglalambitin sa balikat, at may librong hawak sa isang kamay. Iniabot ito ni Cynthia sa kanya at sinabi, "Naaalala mo ba ito, Manuel... 'Keep a red heart of memories / Under the great grey rain sheds of sky / Under the open sun and the yellow gloaming embers. / Remember all paydays of lilacs and songbirds; / All starlights of cool memories on storm paths...' Nagpunta ako sa library para hanapin ito."

At paminsan-minsan, dumadalaw si Cynthia sa kanyang mga panaginip, at halos ganoon din ang lugod na dulot.

Katiyakan at lakas ang dulot ng kasiguruhang bahagi pa rin siya ng buhay ng babae, na para kay Cynthia, ang panahong pinagsaluhan nila ay hindi pa rin lubos na mabubura.

Magagawa ba niyang sabihin ang lahat ng ito sa estranghero? Mahihingi ba niya si Cynthia sa estranghero?

§

At lumipas nga ang mga taon. Hindi naging madali ang buhay para kay Manuel, tulad ng hindi nito pagiging madali para sa lahat ng tao sa mapanglaw na bayang iyon. Pero hindi naman ganoon kasama. Pansamantala rin siyang nakapagtrabaho sa isang malaking kompanya na malaki ang pasuweldo. Pero may nakagalit na malapit sa diktador ang may-ari ng kompanya, at namalayan na lang niyang ipinasara ang kompanya, at walang natira sa kanya kahit ano, isang kapalarang hindi bihira noong mga araw na iyon. Bumalik si Manuel sa maliit na magazine na unang nagbigay sa kanya ng trabaho, at nagpatuloy sa pagpipinta.

Nagbinata ang mga anak ni Manuel. Ang ikalawang anak na lalaki, ang itinatangi sa lahat—iyong tinuruan ni Manuel na maglaro ng basketball at mamansing, iyong minsan niyang ginawan ng saranggola at minsang kinumpuni ang bisikleta—ay napasama sa isang grupo ng mga kabataang nagsisikap baguhin ang buhay ng mga pinakamaralita sa bansa. Nang maglaon, sinundan nito ang mga kasama sa bundok, kung saan nagaganap ang pakikipagtunggali laban sa diktador, gamit ang mas mararahas na armas. Mula roon nagpapadala ito ng mga mensahe ng pag-asa sa kanyang mga magulang, at higit itong humihipo sa puso nila dahil sa mga salitang hindi binibigkas.

Ang pagkawala ng anak ay payapang tinanggap ng asawa ni Manuel na si Paz, at kampante na lamang itong naghintay na ikasal ang iba pang anak na lalaki at bigyan siya ng mga apo. Naglalaban sa puso ang pagmamalaki at pighati, ipininta ni Manuel mula sa alaala ang larawan ng kanyang anak noong bata pa ito, nakatingalang pinapanood ang paglipad ng saranggola patungo sa araw. Ito ang kanyang pinakamahasay na likha.

Nagkasakit ang ina ni Manuel. Habang pinagmamasdan ang matandang nakaratay, tahimik na nagdasal si Manuel na sana, tulad ng naging buhay ng kanyang ina, maging payapa ang pagpanaw nito, at sana, magkita muli ang kanyang ama at ina sa kabilang buhay.

Ang mga birthday party ni Manuel ay naging institusyon, isang selebrasyon, isang kumpirmasyon—hindi binabanggit ngunit pinaninindigan—ng mabubuti at simpleng tao sa buong bayan. Umaapaw ang mga bisita hanggang sa ibang bahay. Madaling araw na umuwi ang mga bisita at pinapalitan sila ng iba pang tao kinagabihan, iyong mga hindi nakadalo noong nakaraang gabi. At umaalingawngaw ang halakhakan at mabuting samahan ng munting komunidad.

Kung minsan, sa gitna ng pagdiriwang, biglang pumapatak ang ulan, ang unang ulan ng Mayo, at kahit ambon lamang, sapat na para salubungin ni Manuel nang magaan ang puso. At muli niyang maaalala ang estranghero. At si Cynthia.

§

Sa kanyang ikalimampung kaarawan, habang naghahandang umalis ng kanyang munting opisina, biglang sumagi sa isip ni Manuel na malapit na siyang pumanaw. Hindi ito premonisyon, dahil ang premonisyon ay may kaakibat na pagkabalisa, at wala naman siyang naramdamang ganoon. Ang

mayroon lamang ay ang kasiguruhang malapit nang magwakas ang kanyang buhay. At wala siyang pangamba sa kasiguruhang ito.

Isinara ni Manuel ang kanyang desk drawer, ibinulsa ang kanyang susi, nagpaalam siya sa guwardiyang duling, ang tanging naiwan sa opisina sa oras na iyon, at saka naglakad patungo sa kalsada.

Walang gaanong trapik, at wala ring tao sa bangketa, dahil nalimutan ni Manuel ang oras sa pagtatrabaho, at pasado alas diyos na ng gabi. Ngunit hindi siya nagmadali. Napaisip siya sa napakalinaw na rebelasyon ng kanyang kamatayan. Hindi niya alam kung paano siyang papanaw, at wala rin siyang nadaramang kuryosidad tungkol rito, dahil naniniwala naman siyang mas mahalaga kung paano nabuhay ang isang tao, kaysa kung paano siya namatay. At ngayong iniisip niya kung paano siyang nabuhay, nadama ni Manuel nang buong pagpapakumbaba, na wala siyang dapat ipagsisi. Nagsikap siyang magtrabaho. Nagsikap siyang maging tapat. Nagsikap siyang maging mabuti. At bagaman hindi siya laging nagtatagumpay, lagi niyang ibinibigay ang lahat ng makakaya.

May isang bagay na hindi siya tumigil asamin. Gayunman, hindi niya ito maituturing bilang kasalanan. Ang totoo, naniniwala siyang ito ang tanging mabuting bagay sa kanyang buhay.

Noong umpisa, natatakot siyang isa itong kahinaan, at pilit niya itong nilaban. Pero nang magtagal, sumuko na siyang unawain ito. Tinanggap na niya ang pag-ibig kay Cynthia bilang bahagi ng kanyang sarili.

Nagsimula lamang ito bilang pagsuyo ng kabataan hanggang naging isang matindi at matatag na pagsinta, iyong hindi maihihiwalay sa kanyang pagkatao. At habang naiyon ang mga taon, ang kanyang lakas at karunungan, napansin ni Manuel na lalo ring lumalakas ang kanyang kakayahang umibig. Naniniwala siyang ang pag-ibig niya kay Cynthia ang bukal ng kung anumang lakas at karunungan taglay niya. At nauunawaan niyang ang kanyang sining ang pagpapahayag ng pag-ibig na iyon.

Kahit maraming taon silang hindi nagkita, tila malapit pa rin sa kanya si Cynthia, tulad noong mga lumipas na panahon sa unibersidad. Kung minsan, ang pakiramdam ni Manuel, hindi niya mararamdaman ang ganitong pagkakalapit kung naging asawa niya si Cynthia. At binibigyan siya ng ginhawa ng isiping ito.

Ngunit ngayong batid niyang malapit nang magwakas ang kanyang buhay, biglang napagtanto ni Manuel na hindi na niya muling masisilayan si Cynthia. Halos mamahid siya sa kalungkutang dulot nito. Tila walang katotohanan ang kanyang buhay, maliban sa pag-ibig niya kay Cynthia. Ang kanyang kamatayan lamang ang huli at pinakamalupit na pagkakait.

Hindi napansin ni Manuel ang direksiyon niya sa paglakad, dahil masyado siyang abala sa mga iniisip. Pero nakilala na niya ngayon ang kalsada, at ang coffee shop, at naalala niya ang estranghero at ang pangako nito. Habang nabubuo sa isip niya ang hiling, napansin niya ang isang lalaking nakasandal sa isang posteng may ilaw.

“Kumusta, Manuel,” sabi ng lalaki.

“Kayo ho ba talaga iyan?” bulalas ni Manuel. Masigla niyang kinamayan ang lalaki.

“Oo naman. Hindi ba sinabi ko sa iyong darating ako kapag tinawag mo? Handa ka na ba talaga sa regalo mo?”

“Oho,” sabi ni Manuel. Umaapaw ang puso niya dahil batid ang matatanggap, wala siyang duda na kaya itong ibigay sa kanya ng estranghero.

Hinawakan ng estranghero sa braso si Manuel, at isinama siya sa isang walang taong waiting shed sa pagtawid ng kalsada, at pinaupo siya sa batong bangko sa loob nito. Halos hindi namalayan ni Manuel na umupo pala siya. Tahimik at sabik na naghihintay ang dilim na nakapalibot sa kanila.

“At ngayon, Manuel,” sabi ng lalaki, “ano ang inaasam-asam ng puso mo?”

Nang walang pagdadalawang-isip, sumagot si Manuel, “Gusto ko hong maging akin si Cynthia bago siya mawala sa akin habangbuhay.”

“Tingnan mo.” Itinuro ng estranghero ang isang maliwanag na bintana ng coffee shop sa harapan nila.

Habang pinagmamasdan ni Manuel ang bintana, bigla itong dumilim. Pagkuwáy nagliwanag ito muli, mas mahina, mas dalisay na liwanag. May mga anino sa loob ng liwanag na umalon at kuminang, at saka humubog ng isang anyo. Panay ang pintig ng magkabilang sentido, namukhaan ni Manuel si Cynthia.

Halos walang ipinagkaiba si Cynthia sa batang babaeng naaalala ni Manuel, ganoon pa rin ang katawan nito, payat at matangkad, maitim pa rin ang buhok. Nakasuot ito ng bestidang light blue na bahagyang umaalon habang kumikilos ang babae, para bang hinihipan ng hangin.

At ngayon, ang bintana mismo—o ang larawan sa loob nito—ang tila lumalapit kay Manuel, hanggang tumapat ito sa kanya mismong harapan. Malinaw niyang nakita ang bawat detalye, at kung maaari lamang siyang kumilos, baka inabot na niya at hinaplos ang babae.

Nakita niya ang babae sa loob ng isang kuwartero, mukhang tulugan, at ang ilaw na humuhugas sa bestida ay mula sa isang lamparang nasa ibabaw ng isang maliit na mesa katabi ng kama. Natatakpan ng anino ang bahagi ng mukha ng babae, kaya hindi ito matitigan nang mabuti ni Manuel. Ngunit ngayon, lumayo na sa dilim ang babae, lumapit sa kama, at umupo sa may paanan nito. At nang gawin niya ito, tumama ang liwanag sa kanyang mukha. At ang tanawing iyon ay katulad na katulad ng panaginip ni Manuel, at tumaas ang isa niyang kamay nang hindi niya namamalayan, para bang kailangan niyang salagin ang lahat ng liwanag na iyon.

Pero may kung anong kakaiba, kung anong kakatwa kay Cynthia. Sinaklot ng pagbabagong ito ang puso ni Manuel. Iniunat niya ang leeg, pilit

na sinisipat ang nasa harapan. At saka niya napagtanto kung ano iyon. May lumbay sa mukha ni Cynthia.

Nadismaya si Manuel. Hindi pa niya nakikita nang ganito ang babae. Buong buhay niya, ang alaala ng ngiti ni Cynthia at ang kinang ng mga mata nito ang nagbibigay ng kahulugan sa kanyang kaligayahan. Hindi niya naisip kahit minsan na maaari itong masaktan.

Ngunit ang Cynthia na ito ay pinayuko ng lumbay. Nakaupo lamang sa kama, hindi kumikilos, nakayukod, halos mawalan ng dugo ang kamaong nakakuyom sa kandungan.

At saka niya napansin ang isa pang katawan sa kama. Isang batang babae, payapang nakahiga, nakapikit, namumutla ang mga pisngi. Patay na ba ito? Hindi, humihinga pa. Nahuli ni Manuel ang pag-angat at pagbaba ng kumot na nakatakip sa dibdib. Ngunit hindi ito regular at mahina lamang.

Inilipat ni Manuel ang kanyang tingin kay Cynthia. Hindi pa rin ito kumikilos. Hindi rin ito umiiyak. Masyadong malalim ang kanyang sugat para lumuha.

Nagsalita ang estranghero sa kanyang tabi. “Iyan ang anak niyang babae. Labimpitong taong gulang, at malapit nang mamatay.”

Biglang tumayo si Manuel, agad naging awa ang pagnanasa.

Muling nagsalita ang estranghero. “Maaari mo siyang tawagin, Manuel. Maririnig ka niya. At matutupad ang iyong hiling.”

“Tekang!” bulalas ni Manuel. Nakatitig siya sa eksena sa kuwartero: si Cynthia, buong hapis na nakayuko sa tabi ng kanyang anak.

Mahabang sandali ang lumipas na nakatayo lamang roon si Manuel, nakapakong ang tingin sa mukha ni Cynthia. Wala pa siyang nararanasang ganito—kahit pa ang pagdurusa niya nang mahiwalay kay Cynthia mahigit tatlung taon na ang nakalilipas—wala pang ganito kasakit. Halos

mapunit ang kanyang kaluluwa habang pinag-iisipan ang kanyang gagawin. Sapagkat naghintay siya sa loob ng napakaraming taon, buong pait niyang naisip.

Dinaluyong siya ng desperasyon, halos lamunin siya, halos bulagin siya. Hinarap niya itong mag-isa, tiniis ang sakit, hinangad na niya ang kamatayan, nagmakaawa siya. At pagkuwa'y umatras ang daluyong, at iniwan siyang payapa.

“Ano iyon?” tanong ng estranghero.

Hindi inalis ang kanyang tingin kay Cynthia, sumagot si Manuel, “Pakibawi ho ang una kong hiling at ibalik nyo na lang kay Cynthia ang kaligayahan.”

“Ah, pero tatlong hiling na iyan,” sabi ng estranghero.

“Hindi ho. Ang ikalawang hiling ko ay ang pagbawi sa una. Kaya isa lang talaga ang hinihingi ko: panatalihin nyong buhay ang anak niya.”

Ilang sandaling nag-atubili ang estranghero. May bahagyang ngiti sa mga labi, mabagal itong nagsalita, “Ang gusto mo lamang ay lumigaya si Cynthia.”

“Oho.”

“At nakasisiguro ka na?”

“Oho,” matatag na sagot ni Manuel.

Tumayo ang estranghero, at inilahad ang isang kamay. Habang nagsasalimbayan ang kanyang mga emosyon, napansin ni Manuel ang pagkakahawig nito sa isang taong kilala niya... o nakilala... Kinuha niya ang kamay ng lalaki, at kusang inilapit ito sa kanyang noo, sang-ayon sa tradisyonal na pagbibigay-galang at pagpupugay, tulad ng pagbati niya sa mga nakatatanda sa mas payak at mas masayang panahon.

At ang sabi ng estranghero, sa mahinahong boses, sa boses na bahagya rin niyang nakikilala, “O siya, Manuel. Tapos na.”

At noong sandaling iyon, naglaho ang liwanag. Nakatitig si Manuel sa dilim, dahil sarado na ang coffee shop sa pagtawid ng kalsada.

Wala na ang estranghero at mag-isa na lamang siya sa malamig na waiting shed.

Dahan-dahang tumayo si Manuel mula sa pagkakaupo sa batong bangko at nagsimulang maglakad sa madilim at tahimik na kalye. Kaarawan na niya at gabing-gabi na. Pero hindi siya nagmadali. Sa katahimikan, parang may narinig siyang musika sa malayo, iyong may nagpapaalala sa mga acacia at kabalyero, sa mga landas na hinihipan ng hangin at mga kampana ng kapilya...

Hindi ko nakita ang kanyang tuwa, isip ni Manuel. Ngunit wala siyang nadamang galit o hapis.

Nagsimula nang umambon, ang unang ulan ng Mayo, at payapa ang kanyang puso.

